

Sa pagbubuo ng triangles:

Tayo'y nabubuhay sa gitna ng isang Krisis; bawat isa sa atin ay nais makatulong sa ano mang paraang possible. Ngunit ang tulong na magagawa ng isa ay lubhang limitado kung ikukumpara sa tulong na magagawa kung tayo'y nakikiisa sa ating kapwa. Sa pagbuo ng triangles at sa paghanap ng mga kasama sa pagbuo nito, kailangan gumagawa tayo ng paraan upang mahikayat sila sa ganitong paraan ng paglilingkod.

- Unawain na ang susi sa tagumpay sa ganitong gawain ay nakasalalay sa tindi at lalim ng iyong interest na maglingkod.
- Unawain na bagamat hindi napaguusapan, maraming tao ang taimtim na naniniwala sa patnubay ng Diyos at nagnanais na taos pusong maglingkod lalo na sa ganitong panahon ng krisis.
- Magumpisang kausapin ang mga tao tungkol sa triangles ng walang pamimilit o pagpupwersa. Ipaliwanag ang natatanging gawaing ito at ang paglago ng triangles network sa mahigit limangpung taon. Ipaliwanag na simple lamang ang gawaing ito- ilang saglit lamang ng pagmumuni-muni sa isang araw at sa pagsasabuhay ng kabutihang loob. Kung sa iyong palagay ay nagising ang kanilang interest, maari silang yayain na bumuo ng isang triangle.
- Hindi kinakailangang na magkakarating pook ang mga kasapi ng isang triangle. Datapwat makakatulong kung magkikita o magkakausap ang mga kasapi nito, hindi ito kinakailangan. Maaring gawin ng mga kasapi ng triangles ang triangle work sa pamamaraan at oras na angkop sa kanila.
- Maari ring maghanap ng mga kasapi sa triangle sa aming website (<http://www.triangles.org/online>). Matapos sagutan ang maikling on-line questionnaire, i-post ang iyong pangalan at e-mail address sa aming web page, kung saan makakapagsimula na ang pagpili sa mga magiging kasapi sa triangles.
- Sikaping mapanatili ang ugnayan ng mga kasapi mo sa triangles. Dahil sa ikaw ang nagbuo ng triangle responsibilidad mo na panatilihin ang interest ng iyong mga kasapi hanggang sa makasanayan ninyo ang gawain ito. Panatilihin ang inyong ugnayan upang lalong mapalakas at mapatibay ang gawain ng triangles sa loob ng planetary network .
- Ang bawat kasapi ng triangle ay inaayayahang bumuo rin ng sarili nilang triangle unit. Subukang hikayatin ang bawat kasapi at sikaping tulungan sila sa pagbuo nito. Sa ganitong paraan ay mapapaunlad at maibabahagi natin ang gawain ng triangles sa mas nakakaraming tao.
- Dahil sa Araw-araw na gawain sa triangles, magiging madali para sa iyo at sa mga kasapi ng inyong triangle unit na mabuhay ng naayon sa kabutihan at pagmamahal. Dahil ito sa pangaraw-araw na pananalagin na magising ang liwanag, pagmamahal at kabutihan sa

bawat tao. Isa ito sa mga pamamaraan upang maging mabuting halimbawa sa tamang pamumuhay

Registration Form:

Ako ang pangunahing kasapi sa triangle:

And aking mga kasapi:

Triangles
120 Wall Street
24th Floor
New York
NY 10005
USA

newyork@lucitrust.org

www.lucitrust.org